


Dynamic Prayer Meeting Study Guide (Week 1)¹
EXPECTATIONS PARA SA SUSUNOD NA 26 NA LINGGO

Anong klase ng Prayer Meeting ang gusto natin pagkatapos ng 26 na Linggo?

Kung ang mga prayer meetings sa Bible ang basehan natin, makikita natin ang:

1. **Ang Presensya ng Diyos** (Acts 4:23-31). Mayroon dapat na koneksiyon sa kanyang presensya. Gusto ng Diyos na ipahayag ang kanyang sarili sa atin.
2. **Ang Kapangyarihan ng Diyos** (Acts 4:23-31). Mayroon dapat pagbabago sa ating mga buhay, pamilya, iglesia, at sa ating mundo sa paligid natin.
3. **Paglago sa ating paglakad kasama ang Diyos at ang isa't isa.**
 - Dapat tayong maging malakas (Col. 1:9)
 - Makatanggap ng lakas na panlabanan ang tukso (Matt. 6:13; 26:31)
 - Lumalim ang pag-ibig sa isa't isa (Acts 2:42-44)
 - Matugunan ang ating mga pangangailangan (Matt. 6:11)



Note: Ang prayer meeting ay maaaring maging emosyonal o hindi. Ngunit nakatala sa Kasulatan na kailanman at saanman na naroon ang Diyos ay nagdudulot ito ng isa, dalawa, o lahat ng mga bagay na nakatala sa itaas.

Ano ang Matututuhan Mo sa Pag-aaral na Ito?	Ano ang Gagawin Mo sa Pag-aaral na Ito?
<ol style="list-style-type: none"> 1. Ang kahalagahan at layunin ng panalangin 2. Paano magkaroon ng mainit na ugnayan sa Diyos 3. Paano pumasok sa presensya ng Diyos 4. Ano ang nag-uudyok sa Diyos na ipakita ang kanyang kapangyarihan bilang tugon sa panalangin 5. Paano makikilala ang mga sagot at mga pagkilos ng Diyos 6. Paano lumapit sa Diyos kasama ang ibang mga kapatid sa pananampalataya 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Isasagawa mo ang mga natututuhan mo tungkol sa panalangin. 2. Makikilahok ka pagbabahaginan, mga patotoo, pagbasa ng Kasulatan, at mga gawaing makapagpapatibay sa isa't isa. 3. Susubaybayan mo ang dalawang (2) prayer requests (o higit pa kung gusto mo) upang makita kung paano ka sinasagot ng Diyos.

Bakit Ito Napakahalaga?

1. Dahil sa kakulangan ng presensya at kapangyarihan ng Diyos bilang tugon sa ating mga prayer meetings.
2. Nakikita nating talamak na ang pagbaba ng moralidad ng ating bansa, at naapektuhan nito lalo na ang mga anak natin.
3. Kung hindi tayo manunumbalik sa Diyos, mararanasan natin ang kanyang parusa at disiplina.

Ano ang Susubukan Mo sa Panalangin sa mga Susunod na Linggo?

Isulat mo ang isang request para sa mga susunod na ilang linggo and palagiang hihilingin ito hanggang sagutin ito ng Diyos. Ang dahilan ng paglilista ng isang specific request ay dahil magbubunga ito ng pagkatuto tungkol sa kung ano ang sinasagot ng Diyos at paano, kailan, at bakit sumasagot ang Diyos.

My personal prayer request: _____

Our church prayer request: _____

Time of Prayer:

- Pasalamatan ang Diyos para sa kanyang mga gagawin sa iyong buhay at sa buhay ng ating iglesia sa susunod na 26 na linggo.
- Ipanalangin ang mga requests na nasa iyong puso.

¹ Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*. ©2005 LifeWay Christian Resources. Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf).